Pag-release ng Balita

IMPORMASYONG SENSITIBO SA MERKADO
Naka-embargo hanggang 0730 ICT (0030 UTC) 1 Marso 2023

S&P Global ASEAN Manufacturing PMI™

Mas gumanda pa ang mga kundisyon ng pagmamanupaktura noong Pebrero

Mga pangunahing nalaman:

Bumilis ang paglaki ng output

Tumaas ang employment sa unang pagkakataon sa loob ng apat na buwan

Naging estabilisado ang tagal ng paghahatid ng mga supplier

Kinolekta ang data noong Pebrero 10-22

Nag-ulat ang sektor ng pagmamanupaktura ng ASEAN ng higit pang pagganda ng mga kundisyon sa pagpapatakbo noong Pebrero, kasabay ng pagkakaroon ng momentum ng mga expansion sa output at mga bagong order. Bukod pa rito, tumaas ang employment sa unang pagkakataon mula noong Oktubre.

ng paghahatid ng mga supplier noong Pebrero, kasabay ng pagtaas ng pana-panahong isinasaayos na index sa loob ng dalawang magkasunod na buwan, na nagwawakas sa tatlong magkakasunod na taon na paghina ng performance ng vendor.

Ang headline na S&P Global ASEAN Manufacturing Purchasing Managers' Index (PMI™) ay na-post sa expansionary na teritoryo sa labimpitong magkakasunod na buwan noong Pebrero. Bukod pa rito, bumilis pa ang paglago sa sektor mula sa kamakailang mababang naitala noong Disyembre, kung saan tumaas ang index sa 51.5 mula sa 51.0 noong Enero.

Naiulat ang paglago sa lahat ng sinusubaybayang bansa sa ASEAN maliban sa dalawa, kung saan dalawang magkasunod na buwan nang pinangungunahan ng Thailand ang expansion noong Pebrero. Gumanda ang mga kundisyon sa pagpapatakbo na kinakaharap ng mga nagmamanupaktura sa Thailand sa pangalawang pinakamabilis na naitala (nasa 54.8 ang index).

Naitala ng sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas ang pangalawang pinakamahusay na pag-unlad sa mga kundisyon sa pagpapatakbo. Bahagyang bumagal ang pagtaas (52.7) mula sa pinakamataas na naitala sa loob ng pitong buwan noong Enero, ngunit nananatili itong mataas sa buong kasaysayan. Magkasama sa pangatlong posisyon na nagtala ng katamtamang rate ng paglago ang mga sektor ng pagmamanupaktura sa Indonesia at Vietnam, na may naitalang PMI na 51.2 noong Pebrero.

Sa kabilang banda, bumalik sa paglawak ang Myanmar noong Pebrero (51.1), pagkatapos ng siyam na magkakasunod na buwan ng pagbagsak ng mga kundisyon sa negosyo.

S&P Global ASEAN Manufacturing PMI
sa, >50 = pag-unlad kumpara sa nakaraang buwan



Pinagkunan: S&P Global.

Humina ang Singapore sa ikalawang pagkakataon sa loob ng nakaraang tatlong yugto ng survey. Bagama't bahagya lang ang bilis ng pagbagsak ng mga kundisyon sa pagpapatakbo (49.7), kapansin-pansin ang pagbaba nito mula sa matataas na rate ng paglagong naitala sa malaking bahagi ng nakaraang isa at kalahating taon.

Panghuli, ang Malaysia ang naitalang constituent na may pinakamababang performance sa loob ng dalawang magkasunod na buwan. Buwan-buwan nang bumabagsak ang kalagayan ng sektor mula noong Setyembre. Gayunpaman, ipinapakita sa pinakabagong naitalang headline na PMI na 48.4 ang pinakamahinang contraction sa loob ng apat na buwan.

Matapos bumagsak ang headline na PMI sa pinakamababa sa loob ng 15 buwan noong Disyembre, lumakas pa ang sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN sa kalagitnaan ng unang quarter ng 2023. Malaking bahagi ng paglago ang nagmula sa matinding pagtaas sa mga antas ng produksyon. Pinakamabilis na tumaas ang output ng pagmamanupaktura sa loob ng apat na buwan, kung saan pinalawig ng pinakabagong pagtaas nito ang kasalukuyang expansion sa 17 magkakasunod na buwan. Bukod pa rito, mas mabilis na tumaas ang bilang ng mga pumapasok na bagong order sa ikalawang magkasunod na buwan.

Kasabay ng kamakailang pagtaas sa produksyon, tumaas ang employment sa unang pagkakataon mula noong Oktubre, bagama't bahagya lang. Sa kabilang banda, bumaba ang antas trabahong kailangang gawin (ngunit hindi pa natatapos) sa loob ng limang magkakasunod na buwan.

Dagdag pa rito, makikita sa data noong Pebrero ang higit pang pagtaas sa aktibidad ng pagbili sa mga producer ng produkto sa ASEAN. Pinakamabilis at tuloy-tuloy ang

PMI™ by S&P Global

Copyright © 2023 S&P Global

pagtaas sa loob ng limang magkakasunod na buwan. Gayunpaman, bumagsak ang mga holding ng imbentaryo bago at pagkatapos ng produksyon noong Pebrero, at ito ang unang beses na nangyari ito para sa imbentaryo pagkatapos ng produksyon mula noong Disyembre 2021. Samakatuwid, ipinapahiwatig sa data na umaasa ang mga kumpanya sa mga kasalukuyang stock upang matugunan ang matinding pagtaas sa mga antas ng produksyon, sa kabila ng mas mabilis na pagpapalawak ng kanilang aktibidad ng pagbili.

Ang malamang na pinakanakakahikayat na resulta mula sa pinakabagong survey ay ang estabilisasyon ng mga lead time ng supplier. Ipinapakita sa data noong Pebrero na hindi nagkaroon ng pagbabago sa pressure sa mga supply chain, na nagwawakas sa tatlong magkakasunod na taong pagbagsak ng performance ng vendor.

Bukod pa rito, nabawasan ang pressure sa gastos noong Pebrero, kung saan sa pangkalahatan ay nakaayon sa matagal nang average ang rate ng inflation ng presyo ng input. Kasabay nito, tinaasan ng mga kumpanya ang kanilang mga singil sa output sa pinakamabagal nito sa loob ng 13 buwan.

Gayunpaman, nanatiling mahina ang pandaigdigang demand para sa mga produkto ng ASEAN, kasabay ng patuloy na paghina ng mga bagong negosyo mula sa ibang bansa noong Pebrero.

Panghuli, nananatiling positibo ang inaasahan sa output sa susunod na 12 buwan ng lahat ng nagmamanupaktura sa ASEAN noong Pebrero. Sa kabila nito, humina ang kaukulang index sa pinakamababa nito sa loob ng 18 buwan at ito na ang naitalang pinakamababang average sa kasaysayan sa loob ng apat na magkakasunod na buwan.

Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad kumpara sa nakaraang buwan



Pinagkunan: S&P Global.

Bilang komento sa data ng ASEAN Manufacturing PMI, sinabi ni Maryam Baluch, Economist sa S&P Global Market Intelligence, na:

"Nag-ulat ang sektor ng pagmamanupaktura ng ASEAN ng matinding pagbuti sa mga kundisyon ng pagpapatakbo noong Pebrero. Pinakamabilis ang rate ng expansion sa buong sektor sa loob ng apat na buwan, habang lumago ang output bilang isa sa mga naitalang pinakamabilis na rate. Mas mabilis ding tumaas ang mga order sa pabrika, habang nakabawi at bahagyang lumago ang mga antas ng employment sa unang pagkakataon sa loob ng apat na buwan.

"Ang mas maraming kinakailangan sa negosyo ay nagtulak din sa mga kumpanya na pataasin ang kanilang aktibidad ng pagbili nang pinakamabilis sa loob ng limang buwan, at ginamit ng mga kumpanya ang mga kasalukuyang stock upang matugunan ang matinding pagtaas sa mga antas ng produksyon. Sa kabutihang-palad, humina ang pressure sa supply sa unang pagkakataon sa loob ng 37 buwan, habang naging estabilisado ang mga average na lead time para sa mga input. Kasabay nito, humina mula noong Enero ang mga pressure ng inflation.

"Sa pangkalahatan, positibo ang naging performance ng sektor ng pagmamanupaktura ng ASEAN noong Pebrero. Gayunpaman, patuloy na nananatiling mahina ang mga sentimiyento sa gitna ng mga alalahanin sa mas malawak na ekonomikong kalagayan sa buong mundo."

-Tapos na-

PMI™ by S&P Global

Copyright © 2023 S&P Global

Pag-release ng Balita

Makipag-ugnayan

S&P Global Market Intelligence
Maryam Baluch
Economist
Telepono +44-12-4432-7213
Email: maryam.baluch@spglobal.com

S&P Global Market Intelligence
SungHa Park
Corporate Communications
Telepono +82 2 6001 3128
Email sungha.park@spglobal.com

Metodolohiya

Ang S&P Global ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

S&P Global (NYSE: SPGI)

Ang S&P Global ay nagbibigay ng mahalagang intelligence. Ibinibigay namin sa mga pamahalaan, negosyo at indibidwal ang tamang data, pagkadalubhasa at konektadong teknolohiya para makagawa sila ng mga desisyon nang may kumpiyansa. Mula sa pagtulong sa mga customer namin na matasa ang mga bagong investment hanggang sa paggabay sa kanila sa ESG at energy transition sa mga supply chain, gumagawa kami ng mga bagong oportunidad, nilulutas namin ang mga hamon at pinapabilis namin ang pag-unlad para sa buong mundo.

Palagi kaming kinukuha ng marami sa mga nangungunang organisasyon sa mundo para magbigay ng mga credit rating, mga benchmark, analytics at mga workflow solution sa pandaigdigang merkado ng kapital, commodity at sasakyan. Sa bawat isa sa mga inaalok namin, tinutulungan namin ang mga nangungunang organisasyon sa mundo na magplano para sa kinabukasan, ngayon.

Ang S&P Global ay isang nakarehistrong trademark ng S&P Global Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2023 S&P Global Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan. www.spglobal.com

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinusubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa https://ihsmarkit.com/products/pmi.html.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click dito.

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global at/o mga affiliate nito. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited at/o mga affiliate nito.

Pina-publish ang Content na ito ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na pinamamahalaan. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng kinauukulang panig. Ang naturang panig, mga affiliate at supplier nito ("Mga Content Provider") ay hindi nagbibigay ng garantiya ukol sa katumpakan, kasapatan, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o availability ng anumang Content at hindi ito responsable para sa anumang mga pagkakamali o omisyon (nang pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakukuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi kailanman mananagot ang mga Content Provider para sa anumang danyos, halaga, gastusin, legal na bayarin, o pagkalugi (kasama ang naluging kita o nawalang kita at mga opportunity cost) kaugnay ng anumang paggamit ng anumang Content.

PMI™

by S&P Global

Copyright © 2023 S&P Global